


## Banghay-Aralin sa Filipino II

**May-Akda:** Ivy F. Frogosa  
**Designation:** Teacher III  
**Paaralan:** CENTEX Batangas



### I. Layunin:

1. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento
2. Naiuugnay ang sariling karanasan ayon sa hinihingi ng sitwasyon
3. Natutukoy ang mga pang-uring ginamit sa kuwento

### II. PaksangAralin:

1. **Pamagat:** Papel de Liha
2. **May-akda:** Omping Remigio
3. **May-guhit:** Beth Parrocha-Doctolero
4. **Pagpapahalaga:** Pagpaparangal sa kadakilaan ng isang ina

### III. Pamamaraan:

#### 1. Paghawan ng Balakid

Salita	Pamamaraan
Papel de liha	pagpapakita ng isang papel de liha
magaspang	ipahawak sa bawat bata ang papel de liha
turnilyo	pagpapakita ng isang turnilyo
laylayan	pagpakita ng laylayan ng damit
lilip	pagpakita ng lilip ng damit

#### 2. Pagganyak:

##### a. Motivation Activity and Question:

1. Aawitin ng buong klase ang awiting *“Masayang Tahanan”*
2. Think-Pair-Share  
“Paano nailarawan ang ina sa awitin? Ano ang pagkakapareho nito sa paglalarawan mo sa iyong sariling ina?”

##### b. Motive Question

“Paano inilarawan ang ina sa kuwento?”

#### 3. Pagbasa ng Kuwento:

Interactive Read Aloud ang pamamaraan na gagamitin sa pagbabasa ng kuwento.

#### 4. Pagkatapos bumasa:

Mga Tanong:

- Ano ang ibig sabihin ng pagiging Dakila?
- Kailan naipakikita ang pagiging Dakila?
- Sino ang maaaring magpakita ng kadakilaan?
- Maaari bang maging dakila sa isip lamang?
- Maaari bang maging dakila lamang sa ilang pagkakataon?
- Ang lahat ba ng mga magulang ay dakila?

- Paano mo pararangalan ang kadakilaan ng iyong ina?
- Bakit may mga pagkakataong may mga anak na galit sa kanilang mga ina?
- Sa iyong palagay, may katapusan ba ang obligasyon ng isang magulang sa buhay natin? Bakit? Bakit hindi?
- Sa iyong palagay may hihigit pa kaya sa ating mga ina? Ipaliwanag ang iyong sagot.

#### 5. Pangkatang Gawain:

- Pangkatin ang mga mag-aaral.
- Bigyan ng gawain ang bawat pangkat.  
**Pangkat 1:** Mag-interbyu ng isang gurong ina sa paaralan. Alamin ang mga sakripisyo at saya ng pagiging isang ina.  
**Pangkat 2:** Gumupit ng hugis paru-paro at isulat sa pakpak nito ang mga katangiang pinakagusto mo sa iyong ina.  
**Pangkat 3:** Gumawa ng isang “thank you card” para sa mga ina gamit ang teknolohiya.  
**Pangkat 4:** Kumatha ng isang awitin tungkol sa pagpaparangal sa isang ina. Salungguhitan ang pang-uring ginamit dito.
- Ibabahagi ng bawat grupo ang kanilang nagawa. Hikayatin ang ibang batang magtanong at magbigay ng kanilang opinyon o karagdagang impormasyon pagkatapos ibahagi ng bawat grupo ang kanilang gawa.

*T: Anu-ano ang mga sakripisyo ng isang ina? May pagkakatulad kaya ang mga ito? Alamin natin sa interbyu na ginawa ng unang pangkat. Tawagin natin ang **Pangkat 1**.*

*T: Anu-ano ang mga nagustuhan ninyong katangian ng ina na nakapanayam ng unang pangkat? Anu-ano naman ang nagustuhan ninyong mga katangian ng inyong mga ina? Tawagin natin ang **Pangkat 2** upang ibahagi ang kanilang gawa.*

*T: Paano ninyo napasasalamat ang inyong mga ina? Tawagin natin ang **Pangkat 3** upang ibahagi ang kanilang nagawang kard para sa mga ina.*

*T: Kung pararangalan natin ang ating mga ina, anong klaseng parangal ang ibibigay natin? Pakinggan natin ang awiting nagbibigay parangal sa mga ina na gawa ng **Pangkat 4**.*

#### IV. Paglalapat at pagpapahalaga:

Maaaring gumawa ng isang class project ang mga bata. Gamit ang teknolohiya, gagawa ng isang video ang klase kung saan kukumpletuhin ng bawat bata ang pangngusap na:

*Dakila ang aking ina dahil \_\_\_\_\_.*

Ang video ay maaaring i-upload sa class FB page o maaaring ipadala sa mga magulang.

#### V. Takdang-aralin:

Sumulat ng isang sanaysay tungkol sa kadakilaan ng iyong ina. Salungguhitan ang mga pang-uring ginamit.